

# Kabataan ay nag-iiyakan! Kabataan ay sumisigaw!

**Mga ama at ina hindi alam na sila ay pabayang magulang.**

Sa zoo, ang tagapag-laga ang nag-aaruga nag-iingat ng “baby tiger” sa dahilang ang ina nito ay pabaya. Sa ngayon, meron na tayong parehong sitwasyon sa mundo ng tao. Kabataan ay kayamanan. Tayo ay tao! Kailangan alam natin ang kahalagahan ng kabataan at alagaan sila ng tunay na pagmamahal.

**Nais naming ipaalam ang naireport na pag-aabuso sa kabataan ay higit sa 40,000 bawat taon.**

Inyo bang inaaruga at binibigyang proteksyon ang inyong anak upang lumaki ng malusog?

Ang kabataan ay may karapatang arugain ng kanilang magulang at ang magulang ay responsibilidad na arugain ang kanyang anak. Subalit, mahigit sa 40,000 na kaso ng pag-aabuso sa kabataan ang nailahad sa “child consultation centers” sa bansa.

Merong iba’t ibang uri ng pag-aabuso kasama na dito ang paghataw, pagsugod, pagtatanong, o panggigipit sa bata ukol sa “sexual activities”, kakulangan sa pagbibigay ng sapat na pagkain, pag-iwan sa bata sa mahabang oras, at pagbigay ng bansag, atibp.

Sa malupitang pag-aabuso, ang bata ay ihiwalay mula sa nang-abuso upang ma proteksyunan ang kanyang buhay, sa pagamutan, ang aaruga bilang magulang o ang “child welfare facility” ang magbibigay ng panandaliang proteksyon. Kung haharap sa ibat-ibang klaseng pahirap sa loob ng tahanan, o hindi makapigil na nasa upang abusuhin ang anak, maari po lamang na tumawag sa mga sumusunod na “support organizations” at kumunsulta.

## **Saitama Protection of Children Against Child Abuse**

(Saitama Kodomo wo Gyakutai Kara Mamoru Kai): **048-835-2699**

The emergency call for anxiety about child rearing, Saitama-city:

(Saitama-shi, Kosodate Fuan 110 ban): **048-881-0922**



“Professional counseling” ay meron.

Merong mga “warning signs” ang pag-aabuso sa kabataan.

Kailangang bigyang atensyon ang maliliit na bagay kapag ang bata ay nangangailan ng pabor sa matanda, ang bata ay may takot sa lahat ng oras, ang bata ay umiiwas sa magulang, ang bata ay walang ekspresyon, ang bata ay umiiwas kumain, higit kung wala naming karamdaman.

Ang bata ay malungkutin, kailangan nya ng higit na atensyon sa kanyang magulang. Maari po lamang na ibigay natin ang mahigpit na yakap at pagmamahal sa ating mga anak.

Kung hindi pumupunta sa klase upang bumisita sa dahilang hindi makapag salita ng tama, ang iyong anak ay nagsusuot ng pinaka maruming damit sa mahabang panahon, hindi napapakain ng almusal, hindi pinapaliguan ang inyong anak ay isang gawi ng sobrang pag-aabuso.

Maari po lamang na ating mahalín ang kabataan. Maging Masaya sa pagiging tatay/nanay ng inyong mga anak. (sinulat ni: Nanae ISHI)

**[www.ficec.jp/foreign/](http://www.ficec.jp/foreign/)**

● The back numbers of “Information Fujimino” are available at online.

Alam mo ba ang “Saitama Free Consultation Center” para sa banyaga ?

Sinasabing merong higit sa 120,000 banyaga ang naninirahan sa Saitama prefecture. Subalit, marami ang merong problema sa bagong pamumuhay sa Japan. “Saitama Free Consultation Center for foreign residents” ay nagsimula nung Agosto. Saitama prefecture, Tokyo Immigration Bureau and Certified Social Insurance and Labour Consultant Associations ay bumuo ng bagong organisasyon. Nagkakaloob ng kaukulang payo sa banyagang residente na nakaranas ng ibat-ibang kahirapan.

Ang “center” ay nasa parehong lugar ng “Help Desk”, na ginagampanan ng “Saitama International Association”. Ang sistema ay ang nagpapayo sa telepono ay ililipat sa personal na pagpapayo. “Help Desk” (telephone counseling) nagkakaloob ng serbisyong konsultasyon para sa banyagang residente na nakakaranas ng ibat-ibang kahirapan sa araw-araw na buhay, sa 8 lenguahe, limang araw sa isang lingo. Ang libreng “Consultation Center” ay ginawa para sa banyagang residente na nais komunsulta sa “professional” upang magkaroon ng “specific information” ukol sa problema. Ito ay Lunes, Miyerkules, at Biyernes. Makakaasa ng mahusay na tagapakinig.

Kung merong kakilala na may problema, bakit hindi subukan ang sumusunod na kunsultasyon?

Saitama Free Consultation Center for foreign residents	☎048-833-3600
Help Desk	☎048-835-2423
Saitama International Association	☎048-833-2992

series② 『Kakaibang bagay ng Hapon para sa mga banyaga』 “setsu bun” “節分”


Ang “topic” sa buwang ito ay “Setsubun”. “Setsubun” ibig sabihin ay paghiwalay ng panahon, ito ay ang araw bago magsimula ang bagong panahon. Ngayon “Setsubun” ay nakatapat sa Ika-3 ng Pebrero, at ito ay isang tradisyonal na seremonyas upang paalisin ang kasamaan sa Japan. Sa nalalapit na araw ng Setsubun, makikitang maraming bagay na naka ayon sa “Setsubun” sa mga pamilihan. “Roasted soybeans” ang tawag ay “Fukumame” ay mabibili. Sa mga tahanan, ang tatay ay aarte na demonyo at ang mga anak ay maghahagis ng “beans” upang paalisin ang demonyo habang umaawit ng “Oni-wa-soto , fuku-wa-uchi” para sa kalusugan. Ito rin ay kaugalian ng miyembro ng pamilya na kumain ng higit isa ng kanyang edad ng “Fukumame” upang hindi magkaroon ng “colds”. Karamihan ng tao ay kumakain ng Fukumame kasabay ng “Japanese tea” pagkatapos magbato nito sa kasambahay. Subalit itong kaugalian ay nag-iiba depende sa lugar. Sa Kinki kumakain sila ng “sushi roll” ang tawag ay

“Ehoumaki” habang humaharap sa direksyon ng swerte ng taon na hindi nagsasalita.

Bakit hindi ka mag “wish” ng iyong swerte, at kalusugan sa taong ito

Sa pamamagitan ng “Japanese style ceremony”?

Written by/ Ayumi KANDA



Soba Making Experience

“Making soba”, ang “Japanese traditional event”, ginanap nuong ika-17 ng Disyembre sa pangunguna ni Ms. Tozuka isang guro ng Japanese class. Ang soba ay tinatawag na “toshikoshi soba” at sumisimbulo ng “longevity”. Tunay na masarap!”

● Impormasyon ukol sa bagong paraan ng “reducing childbirth expenses”

Ang “Ministry of Health, Labour and Welfare” nagpalabas ng bagong istraktura para sa kabawasan ng gastos sa “gynecological checkup” at “delivery” nuong Oktubre.

Sa karagdagan, maari pong tignan sa MHLW website. Kung nais pa ng impormasyon, maari pong tumawag sa FICEC.

☎049-269-6450

[www.ficec.jp/living/](http://www.ficec.jp/living/)

● Living Guidance translated in 6 languages is available.